

REVIEW

Init, Alinsangan, Calor: Arasahas Rebyu ng *Arasahas, mga tula* (2023) ni Jaya Jacobo

Jay Jomar F. Quintos
University of the Philippines Diliman
jfquintos@up.edu.ph

Jacobo, Jaya. *Arasahas, mga tula*. Naga City: Savage Mind Publishing House, 2023.

Minsan nang nabanggit ni José Rizal (1890) sa kanyang anotasyon ng *Sucesos de las Islas Filipinas* (1605) ni Antonio de Morga ang halaga ng tropikal na klima sa paghubog sa pang-araw-araw na buhay at gawi ng mga “katutubo.” Ginagamit ko ang salitang “katutubo” sa kasalukuyang sanaysay na malay sa bagaheng dulot nito bunsod na rin ng iba-ibang “talaban” (*hybridity*) sa antas ng kultura at pananaw-mundo. Sa ganito, marahil, maaaring imapa ang aklat na *Arasahas, mga tula* (2023) ni Jaya Jacobo na inilimbag ng Savage Mind Publishing House. Balon na maaaring pag-igiban ng kahulugan, talinghaga, at teorya ang tropiko at alinsangan, at kung papaano nito iniluwal ang apatnapung tula na nagninilay sa konstelasyong nililikha ng katawan, kalikasan, at pagnanasa.

Hinati ni Jaya Jacobo sa apat na bahagi ang aklat kung saan ang bawat bahagi ay nagsisimula sa mga linya ng isang tanyag na *tanaga*, o ang maikling anyo ng “katutubong panulaan” para sa mga Tagalog na binubuo ng apatang taludtod na mayroong heptasilabiko o oktosilabiko na pantig sa bawat linya. Isinasaad ng *tanaga*: “Ang ligaya co ñgani / guintong ualang balaqui / baquit maboting ori / ang dauaraua, i pili.” Mainam na balik-tanawin ang artikulasyon ng lumang daigdig na binabanggit sa *tanaga* na nakatuon sa dunong ng ligaya, rikit, at kasiyahan. At sa lungsod na ito ng pandama nagsisimula ang poetika ni Jaya Jacobo at naghahain ng mga bugtong na maaaring siyasin: *Saan nagsisimula ang ligaya? Ano ang halaga ng tunay na ligaya? Papaano maimamapa ang nagsasala-salabid na kuwerdas ng ligaya? Bakit tayo nagnanasa sa ligaya?*

Sa *Arasahas*, maaaring iugnay ang tropiko sa dalumat ng espasyo, heograpiya, kalikasan, kultura, grupo, at maging bansa na mayroong kinikilala at kinagisnang mga imahen, kaugalian, at pagnanasa (Aparicio at Chávez-Silverman 1997, 26). Kung susumahin, ito rin ang siyang hinihiraya ng antropologong Pranses na si Claude Lévi-Strauss sa aklat na *Tristes Tropiques* (1961) na nagsasalaysay sa kanyang paglalakbay sa Mato Grosso do Sul sa Brazil upang makipamuhay sa mga Kadiwéu. Bunsod ng ilang taon na pamamalagi sa bansang karatig ng ekwador, naunawaan ni Lévi-Strauss ang hatid na lumbay ng tropiko mula sa nanunuot na init ng araw sa balat, kahirapang dulot ng kolonyalismo, at ang magkakasalungat na kontradiksyon sa daigdig. Ang mga ito, marahil, ang siyang balangkas na gumagabay sa *Arasahas* ni Jaya Jacobo.

Lima ang magkakaugnay na daigdig na siyang batis ng mga tula ni Jaya Jacobo: ang tangway na sinilangan sa Bicol, ang kumanlong sa kanyang isip na lungsod ng Quezon, ang

urbanisadong pook ng Nueva York, ang malayong lupain ng Rio de Janeiro, at ang lunan ng paghahanap-buhay niya sa Inglatera. Mga sinulid at karayom ang daigdig na ito na humahabi ng magkakaugnay na telon ng pagnanasa at ninanasa. Hinahabi ng mga lunan ang iba-ibang yugto sa buhay ni Jaya Jacobo bilang nagkamuwang at nagkaisip sa probinsya ng Bicol, nagpakadalubhasa sa larang ng panitikan, kritisismo, at araling kasarian sa lungsod ng Quezon, Nueva York, at Brazil, at kalaunan magbabanyuhay para maghanap-buhay sa Inglatera. Nasa iba-ibang pitak na ito ang halaga ng mga kontradiksyon na bumabasag at nakikidigma sa nakagisnan, likas, at sinaunang pagtanaw sa lipunan at daigdig tulad ng pagpapatibay ni Jaya Jacobo sa kanyang seksuwalidad, kasarian, identidad, at pananaw-mundo bilang trans woman. Sa aklat, pinagtitibay din ang iba-ibang persona ni Jaya Jacobo bilang poeta, kritiko, iskolar, at babae.

Kakabit din ng limang daigdig na batis ng mga tula ni Jaya Jacobo ang paglulunoy sa init at alinsangan ng araw sa Bicol, lungsod ng Quezon, at hanggang sa kabilang dako ng Rio de Janeiro na hindi rin naman iba ang danas sa Pilipinas. Tinutunton din ang bakas ng mga nalalabing alaala at realidad na isinasabuhay sa naiibang daigdig ng Nueva York at Inglatera kung saan hindi nagtatagal ang tag-init sapagkat nilulusaw at pinapawi ito ng taglagas, taglamig, at tagsibol. Sa imahinasyon ng poeta sa kanyang tulang “Stony Brook Souvenir,” isang taglamig noong 2006: “Hayo’t nalimutang magdala / karagdagang saplot / kumaripas sa hardi’t / inilabas ang dila / unang malas ng niyebe’y / unang lasa rin / dumaloy sa ugat / kasama ng dugo / kahit hindi katutubo.” Binibigyang-diin sa mga linyang ito ang danas ng Iba (*Other*) na ginawang kakaiba ng kasaysayan sa karanasan ng hinihirayang konstruksyon ng mapanakop na Sarili (*Self*). Ramdam ng Iba sa bahaging ito ang pagkakaiba ng danas at klima mula tropikal

patungong taglamig. Dito, inihahayag ng poeta ang una at kakaibang danas niya sa niyebe, may tiim ng lamig kaya't hinahanap ang init ngunit nakabukas pa rin ang palad at nakahandang yakapin ang lamig habang marahang-marahan ding inilalabas ang dila upang tikman ang lasa at kawalang lasa ng niyebe. Doon, talinghaga ang anatomiya ng pagkahulog ng niyebe mula sa kalangitan – animo'y payapa, sagrado, at banal sa kabila ng kasawian at pangungulila.

Ito ang diskursibong pagpapakahulugan na inihahandog ng mga talinghaga ni Jaya Jacobo: ang dekonstruksyon ng panahon, espasyo, katawan, seksuwalidad, at maging pagnanasa. Sumusunod ang *Arasahas*, ang aklat, sa nauna nang pag-unawa ng antropologong si Johannes Fabian (1983) hinggil sa pagbasag sa luma, tradisyunal, at kalendrikong pag-unawa sa panahon na lagi't lagi'y sumasandig sa kolonyal na pingkian ng mga gahom. Kung gayon, nararapat lamang ang pagkakaayos ng mga tula na hindi naaayon sa panahon kung kailan sila naisulat at nalimbag. Sa ganitong disenyo, dinudurog ni Jaya Jacobo ang kronolohikong pag-unawa sa kasaysayan na animo'y linyar itong sumusunod sa bawat yugto at pitak na lagi't lagi'y nagbibigay ng katiyakan at kayarian sa kolonyalismo. Sa kalipunang ito, tematiko ang kalansay na tinatanaw, nakikipagdigmaan sa nangungusap at nagtatalabang panahon na naaayon sa kalikasan, kultura, at karanasan. Umuulit ang panahon, lumulukso at lumulundag, nakikipagtalastasan sa panahunan ng pangnagdaan, pangkasalukuyan, at panghinaharap.

Hindi nga ba't nagsimula pa ang *Arasahas* sa isang tula na ang liriko'y sumusunod sa alamat tungkol sa makapangyarihang babae na nagsabit ng kanyang mga alahas sa ulap at nagbayo ng palay upang maging bigas pagkatapos? Kalaunan, magiging buwan, araw, at mga bituin sa kalangitan ang mga alahas. Hindi

ito nalalayo sa paniniwala ng mga Bagobo ng Katimugang Mindanaw ukol sa makapangyarihang si Tuglibong na siyang may lalang ng sanlibutan at siyang sanhi kung bakit ang buwan, araw, at mga bituin ay umakyat sa langit. Ang mga ito ang siyang pinagsasanib ni Jaya Jacobo sa tulang “Alamat” na siyang nagsilbing panimula ng *Arasahas*, kung saan nagtatagpo ang paniniwalang “katutubo” at “kontemporaryo” na sa huli’y humahabi ng talinghagang napagsasalikop ang naroon at narito. Sa huling bahagi ng tulang “Alamat,” inuusal ng poeta: “malay nati’y roon / pala ikinubli / ni Alunsina / nalalabing piraso / ng kay tagal / nang nawaglit / na kuwintas.” Dekonstruksyon ito, marahil, o kaya’y pagsisiwalat ng mga bakas ng mga natira, naiwan, at nalabi na mga alaala. Hindi tuwirang naglalaho ang alaala, may mga bakas itong bumabalik, dumadalaw, at nagmumulto mula sa kahapon patungo sa ngayon at bukas.

Ito rin ang siyang tinatampok ng tulang “Kadosh” na sa isang banda’y nagpapasintabi sa Katolikong paniniwala ngunit sa kabilang banda nama’y niyayakap kung ano ang ninanasa ng katawan, isip, at kaluluwa. Sa huling bahagi ng tula, may pagtitimpi sa winiwika ng poeta: “ibukod ako’t itangi rin / saluysoyin nang lubos / lumihis man / o nasa katuwiran / sariin ako’t asugin / sariin pa’t bayugin / pagkalooban / ng labi, buhok / dibdib, balat.” Sa kabila ng lahat, ano’t ano pa man, naroon at narito ang pilit mang ibinubukod na katangi-tanging asog, bayoguin, binabayi, at mentelibo-libon. May tinig ng pagsusumamo sa isang makapangyarihan ukol sa pagkakaloob, pamamagitan, at pagpapahintulot. May kasidhian ang tula ukol sa pagiging sapat at salat, at kung papaanong patuloy na tinitimbang ang pagiging babae sa mga pamantayang nililikha ng lipunan. Ngunit sa huli’y nakikipagniig ang persona sa retorika ng kasalatan at kasapatan ukol sa kanyang pagkababae. Heto ang imahen ng babaeng hinubog ng alinsangan at talinghaga:

biniyayaan ng labi para sa matitimping halik, banayad na mahabang buhok para sa pag-oyayi ng hangin, at mayabong na dibdib na humahalik sa balat na kadalasang dinadapuan ng pagnanasa.

Sa isa sa mga makapangyarihang tula sa kalipunan, ang “Samba de Verão,”^[1] inilalarawan ang pag-indayog ng katawan at pagnanasa sa saliw ng *samba* isang araw sa panahon ng tag-init sa lumang lungsod ng Rio de Janeiro. Nakaukit sa lungsod ang kolonisasyon sa kultura at katawan at ang alinsangang hatid ng lumiligid na katubigang Atlantiko na kinasangkapan ng imperyo. Sa tulang ito, nagtatambisan ang mumunting krimen sa lungsod at ang alinsangan ng pagnanasa sa mga naubos at natapos na pagsinta. May pagtitiyak ang nagsasalita sa tula hinggil sa nasusumpungan ng mata at isinisilid na emosyon at pandama ukol sa pamilyar na lalaking tinatanaw sa pinakadulong bahagi ng mata. May pagkilala ang poeta sa pamilyar at estrangherong ritmo ng *pagode* na sumasabay sa saliw ng *canção* na hinog na hinog sa pag-ibig at pagnanasa. Sa imahinasyon ng poeta: “ikaw nga kaya / ang nakita kanina / sa gitna ng botequim / naghuhumiyaw / na branquinho / pawis na pawis / kahit hinubad na / polong algodão / tatuado ng pulang tucan / sa kanang braso?” May alinlangan sa alinsangan ngunit batid na nakaukit sa hinagap at gunita ng poeta tulad ng “pulang tucan sa kanang braso” ng tinatanaw ang mga nalalabing alaala. Sa bahaging ito, mababanaag ang diwa at malilinawan ang isip ng poeta, ang pagkakabukod nila ng tinatanaw ay pagbubuklod din. “Branquinho” man o puti ang wangis ng tinatanaw at ang poeta bilang estranghero sa lumang lungsod ng Rio de Janeiro, sa huli’t huli’y pinagtatagpo sila ng mga hindi naglalahong alaala. At ang kanilang pagiging Iba ay pagiging Sarili rin. Kung kaya’t may pagtitiyak sa tinig ng persona hinggil sa pagnanasa at ninanasa: “você, você, você / ikaw, ikaw, ikaw.” Hinding-hindi lilimot ang poeta sa tinatanaw.

Marahil, ang hindi paglimot ang siyang pagsasanay na dinadalangin ng *Arasahas, mga tula*. Narito at naroon ang mga alaala at maimamapa ito sa topograpiya at tropiko ng pagnanasa. Natatangi ang kalipunan sa paghulma at paglilok ng mga emosyon gamit ang mga titik, kataga, at metapora. Sa aklat, hindi lamang lumilikha ng mga idioma't talinghaga si Jaya Jacobo, sapagkat kakabit ng mga tula ang realidad ng pag-alala sa mga alaalang naglulunoy sa batis pandama, sa mga kahulugang sumusunod sa galaw at timbang ng daigdig, sa mga alinsangan, init, at arasahas na bitbit ng kalikasan at katawan, at sa mga pagnanasang patuloy na ninanasa sa bawat tibok at pintig ng puso't pulso.

^[1] Pasasalamat kay Ítalo José de Medeiros Dantas, kasamang mananaliksik sa Unibersidad ng Otago, Ōtepoti, Aotearoa, sa pagbibigay gabay at tulong kung papaano babasahin ang tulang "Samba de Verão."

Mga Sanggunian:

Aparicio, Frances R. at Susana Chávez-Silverman. "Introduction." *Nasa Tropicalizations: Transcultural Representations of Latinidad*. University Press of New England, 1997.

Fabian, Johannes. *Time and the Other: How Anthropology Makes its Object*. Columbia University Press, 1981.

Lévi-Strauss, Claude. *Tristes Tropiques*. Hutchinson & Co., 1961.

Morga, Antonio; Rizal, José. *Sucesos de las Islas Filipinas por el doctor Antonio de Morga, Obra Publicada en Mejico el año de 1605. Nuevamente Sacada à luz y anotada por José Rizal*. Paris, Garnier Hermanos, 1890.

BIONOTE

Si Jay Jomar F. Quintos ay kawaksing propesor sa Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kanyang doktorado sa Indigenous Studies sa The University of Otago, New Zealand.